The Road Out

# Ang Diyos laban sa mga Mapang-api

WEEK 1

## WARM-UP

- Ikwento ang sorpresang ginawa mo para sa isang taong espesyal sa iyo. Naging matagumpay ba ito? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang isang halimbawa ng pagpapakita ng kabaitan na naranasan mo at nakaapekto sa iyo?
- May nagawa ka bang pinagsisihan mo dahil naging emosyonal ka? Ano ang nangyari? Ano sana ang mas tamang reaksyon?

## WORD

[6]*"Kaya sabihin mo sa mga Israelita: 'Ako ang PANGINOON. Palalayain ko kayo sa pagkaalipin sa Egipto. Sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, matinding parusa ang ibibigay ko sa mga Egipcio, at ililigtas ko kayo sa pagkaalipin. [7]Ituturing ko kayong mga mamamayan at ako'y magiging Diyos ninyo. At malalaman ninyo na ako ang PANGINOON na inyong Diyos na nagligtas sa inyo sa pagkaalipin sa Egipto.'"* **EXODUS 6:6–7**

(Aralin ang **EXODUS 2–6.**)

Nakatira ang mga Israelita, ang mga mamamayan ng Diyos, sa Egipto mula pa noong panahon ni Jose (Exodus 1:5–7). Pagkatapos ng henerasyon ni Jose, nakita ng mga Egipcio na masyadong malakas ang mga Israelita at sinubukan nilang makontrol ang lumalagong bayan sa pamamagitan ng labis na pagpapahirap sa kanila sa trabaho. Alam ng Diyos ang lahat ng nangyayari. Nang ipinangako ng Diyos kay Abraham na magiging kasing dami ng mga bituin ang kanyang lahi, sinabi din Niyang dadaan sila sa pang-aapi at pagpapahirap (Genesis 15:13–16). Sa kabila nito, mahimalang inakay ng Diyos ang mga Israelita sa daan tungo sa kalayaan, para matalikuran na nila ang buhay alipin at maipamuhay ang Kanyang pangako. Ngayong araw, pag-uusapan natin ang tatlong paraan ng pakikiugnay ng Diyos sa mga taong nananampalataya sa Kanya, lalo na kapag nakakaranas sila sa pang-aapi.

## 1 Inaalala ng Diyos ang Kanyang mamamayan.

*Narinig ko ang hinaing ng mga Israelita na inaalipin ng mga Egipcio at inalala ko ang kasunduan ko sa kanila.* **EXODUS 6:5**

Hindi kailanman nalimutan ng Diyos ang Kanyang mamamayan at ang Kanyang layunin. Nang sinabi ng Diyos na *inalala* Niya ang kasunduan, ang ibig sabihin nito ay tutuparin Niya ang Kanyang pangako. Ngunit kahit noong ipinadala Niya si Moises upang kausapin ang Kanyang mamamayan, *hindi sila naniwala sa kanya dahil nawalan na sila ng pag-asa sa sobrang pagpapahirap sa kanila bilang mga alipin* (Exodus 6:9). Minsan, mahirap pakinggan at paniwalaan ang mga pangako ng Diyos kapag nakakaranas tayo ng kabiguan at kahirapan. Ang totoo ay lagi tayong iniisip ng Diyos. Naranasan mo na bang mabigo hanggang sa puntong pinagdududahan mo na ang mga pangako ng Diyos? Ano ang sinasabi sa Isaias 55:8–9 tungkol sa Kanyang dakilang kapangyarihan?

## 2 Matapat ang Diyos sa Kanyang mamamayan.

*3"Nagpakita ako kina Abraham, Isaac, at Jacob bilang Makapangyarihang Diyos, pero hindi ko ipinakilala sa kanila ang pangalan kong PANGINOON. 4Gumawa ako ng kasunduan sa kanila, na ibibigay ko sa kanila ang lupain ng Canaan kung saan sila nanirahan bilang mga dayuhan. 5Narinig ko ang hinaing ng mga Israelita na inaalipin ng mga Egipcio at inalala ko ang kasunduan ko sa kanila."* **EXODUS 6:3–5**

Walang kasingtapat ang Diyos, na umaalala at tumutupad ng bawat pangako Niya. Pinagtibay Niya ang kasunduan sa Kanyang mamamayan, at naging matapat Siya sa kasunduang ito, tapat man o hindi ang Kanyang mga mamamayan. Ito rin ay totoo para sa atin ngayon. May mga pagkakataon bang naramdaman mo na hindi ka matapat sa Diyos? Ano ang sinasabi sa 2 Timoteo 2:13 tungkol sa katapatan ng Diyos sa atin?

## 3 Makapangyarihan ang Diyos para tuparin ang Kanyang mga pangako.

*"Kaya sabihin mo sa mga Israelita: 'Ako ang PANGINOON. Palalayain ko kayo sa pagkaalipin sa Egipto. Sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, matinding parusa ang ibibigay ko sa mga Egipcio, at ililigtas ko kayo sa pagkaalipin.'"* **EXODUS 6:6**

(Basahin din ang **EXODUS 6:7–8.**)

Bago pa man tayo magsalita, alam na ng Diyos ang eksaktong sasabihin natin (Salmo 139:4). Sa katunayan, may kapangyarihan ang Diyos na tuparin ang Kanyang pangako at panatilihin ang Kanyang kasunduan. Mayroon Siyang kapangyarihang tuparin ang pangako Niyang pagpapalaya sa mga Israelita mula sa pagkaalipin, gaya ng ipinahayag Niya (Exodus 3:20). Mayroon din Siyang kapangyarihang gumawa at gumalaw sa mga sitwasyon natin ngayon. Sa paanong paraan mo nasaksihan ang kapangyarihan at kalakasan ng Diyos sa nakaraan? Sa anong sitwasyon ka naniniwalang kikilos ang Diyos ngayon?

## APPLICATION

- Ano ang isang pangako ng Diyos na pinanghahawakan mo? Ano ang Kasulatang pag-aaralan mo ngayong linggo para maalala mo ang pag-ibig at katapatan ng Diyos sa iyo?
- May pinagdaraanan ka ba ngayon na nagpapahirap sa iyo? Paano ka kikilos nang may pananampalataya sa halip na takot?
- Pag-isipan kung sino sa tingin mo ang kailangang mapaalalahanan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ipanalangin ang taong ito at humanap ng pagkakataon para personal mong mapalakas ang loob nila.

## PRAYER

- Humingi ng pananampalataya sa Diyos upang marinig ang boses Niya kahit sa mahihirap na sitwasyon. Panghawakan ang mga pangako Niya at ang dakila Niyang layunin para sa iyo.
- Pasalamatan ang Diyos para sa dakila Niyang katapatan sa iyo na hindi nagbabago anuman ang gawin mo.
- Ipanalanging makita mo sa pananaw ng Diyos ang mga sitwasyong kinakaharap mo ngayon at hindi sa sarili mong pananaw. Ibahagi sa isang tao ngayong linggo ang patotoo mo tungkol sa pagkilos ng Diyos sa iyong buhay.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Ruth Suson-Gloria, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph